



Republic of the Philippines  
Department of Education  
Region VI - Western Visayas  
SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY

JAN 28 2025

MEMORANDUM PANDIBISYON

Blg. 072, s. 2025

2025 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS (DFOT)  
READ-A-THON SA FILIPINO

Sa mga: Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Pinuno ng CID at SGOD  
Pandibisyon at Pandistritong Tagamasid  
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Kaugnay sa pagsasagawa ng 2025 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS (DFOT) SA FILIPINO, sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division (CID) ang bawat distrito ay magsasagawa ng PANDISTRITONG READ-A-THON sa FILIPINO at ang mananalo sa unang puwesto sa pandistritong patimpalak ang magiging kinatawan ng distrito para sa pandebisyong Read-A-Thon sa Filipino. Ang Pandistritong Tagamasid ay magsusumite ng listahan ng mga pangalan ng mga representante sa bawat kategorya sa darating na Pebrero 3, 2025.
2. Kabilang sa READ-A-THON sa FILIPINO na mga patimpalak ang LikhaWento para sa Ikatlong Baitang, TahiRawan para sa Ikaanim na Baitang, at BidyoKasiya para sa Ikasampung Baitang.
3. Ang mga kalakip ay naglalahad sa mga miyembro ng komite, tagapagdaloy, tagapagsubaybay, mga ebalweytor, mga hurado, at ang patnubay sa bilang ng kalahok at panuntunan sa bawat kategorya bilang gabay sa pagsasagawa ng patimpalak.
4. Ang pagpupulong ng miyembro ng komite ay gaganapin sa Pebrero 5, 2025, alas-2 ng hapon sa Division Office Conference Room.
5. Ang gastusin sa pagkain, transportasyon at iba pang gastusin ng mga kalahok ay kukunin sa Division MOOE/lokal na pondo ng paaralan na sasailalim sa masusing polisiya ng pag-aawdit at akawunting.
6. Nauunawaan na sa pagsasagawa ng gawaing ito ay may kalayaan mula sa diskriminasyon sa edad, paaralan kasarian, katayuan sa lipunan, kapansanan, relihiyon katulad na kadahilanan, pansariling sitwasyon na lumalabag sa prinsipyo ng patas na karapatan at opurtunidad.
7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**DANNIE CLARK M. UGUIL**

Asst. Schools Division Superintendent

Office of the Schools Division Superintendent



Enclosure : as stated  
Reference : None  
Allotment : N/A  
No. of Pages : 13

To be indicated in the **Perpetual Index** under the following subjects:

TEACHERS/LEARNERS

FILIPINO

DIVISION FESTIVAL OF TALENTS

CONTEST

CID\_RBS- DM2025 Division Schools Press Conference (DSPC) 01/27/2025



Sitio Chloe, Brgy. Rizal, Sagay City, Negros Occidental  
Telephone Nos. 488-02-15; 722-0597/ [sagaycity001@deped.gov.ph](mailto:sagaycity001@deped.gov.ph)





Republic of the Philippines  
Department of Education  
Region VI - Western Visayas  
SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY



## 2025 NATIONAL FESTIVAL OF TALENTS



### TIMPALAK SA NFOT 2025

<b>SAKLAW NA KOMPONENT</b>	<b>READ-A-THON FILIPINO</b>
<b>YUGTONG KINABIBILANGAN</b>	Unang Yugto – Ikatlong Baitang
<b>PAMAGAT NG TIMPALAK</b>	<b>LikhaWento</b>
<b>BILANG NG KALAHOK</b>	Isang (1) Mag-aaral at Isang (1) Tagapagsanay
<b>LAANG ORAS</b>	30 minuto para sa paghahanda at pagtatanghal
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Naipamamalas ng mag-aaral ang sariling mga ideya at nagagamit ang mga kasanayan at estratehiya sa pagbasa at pagsasalita nang naaangkop upang maipahayag ang sariling pag-unawa sa mga simbolo at larawang-kuwento sa pamamagitan ng malikhaing pagkukuwento.
<b>IKA-21 SIGLONG KASANAYAN</b>	Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip
<b>DOMEYN SA CREATIVE INDUSTRIES</b>	Performing & Visual Arts Domain
<b>DESKRIPSIYON</b>	Isang kategorya ng <i>Read-A-Thon</i> ang <b>LikhaWento</b> na tinataya ang pag-unawa ng kalahok sa larawang-kuwento o <i>wordless story</i> sa pamamagitan ng malikhaing pagkukuwento o pagsasalaysay ng mahahalagang pangyayaring nakapaloob dito.
<b>TEKNIKAL NA KAILANGANIN</b>	
<b>A. KAGAMITAN AT IBA PANG KASANGKAPAN</b>	<b>Dadalhin ng mga kalahok</b>  <b>Galing sa Tagapamahala:</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Kaugnay na mga suplay at materyal para sa pagtatanghal</li><li>• Kopya ng kuwento (wordless story)</li><li>• Book stand (opsyonal)</li><li>• Orasan at flaglets</li><li>• Mga opisyal na papel para sa palabunutan</li><li>• <i>Wireless</i> na mikropono na may <i>stand</i></li><li>• <i>Sound system</i></li><li>• mga sertipiko</li></ul>





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

	<ul style="list-style-type: none"><li>mga lapis</li></ul>	
<b>B. LUGAR NA PAGGAGANAPAN</b>	Maaaring gamitin ang kahit na anong silid-aralan/ entablado basta't panatilihin ang katahimikan ng lugar. Mahalagang magkaroon ng sumusunod na mga silid: paghihintay, paghahanda, pagsasanay at paligsahan tugon sa proseso ng timpalak.	
<b>MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL</b>	<b>Mga Pamantayan</b>	<b>Bahagdan</b>
	<b>Kaalaman/Pag- unawa sa Kuwento</b> <ul style="list-style-type: none"><li>Malikhaing naisasalaysay ang sumusunod:<ul style="list-style-type: none"><li>A. mahahalagang detalye at pangyayari;</li><li>B. elemento ng larawang-kuwento; at</li><li>C. kaangkupan ng pagsasalaysay sa mga biswal/ imahe/ larawan ng kuwento</li></ul></li></ul>	50%
	<b>Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)</b> <ul style="list-style-type: none"><li>Naisasalaysay ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas para sa pandinig ng mga manonood</li><li>Naipamamalas ang wastong diin, intonasyon at pagbigkas</li></ul>	30%
	<b>Pagganap sa Entablado</b> <ul style="list-style-type: none"><li>Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na tindig/pagganap, ekspresyon ng mukha at kilos/galaw</li><li>Nakapagtatanghal sa itinakdang oras</li></ul>	20%
	<b>Kabuoan</b>	<b>100%</b>
<b>I. MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS</b>		





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

---

- A. Isang timpalak ang **LikhaWento** sa lahat ng mag-aaral sa Ikatlong Baitang na opisyal na nakapagpatala sa publiko o pribadong paaralan. Dapat magparehistro ang bawat rehiyon ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagapagsanay.
- B. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang bilang ng pagkakakilanlan ay gagawin sa unang silid (*holding area*) bago magsimula ang pagganap. Awtomatikong diskuwalipikado sa timpalak ang kalahok na mahuhuli o darating habang nagsisimula na ang pagganap.
- C. Ang unang kalahok ay mamamalagi sa kasunod na silid ng paghahanda (*preparation area*) sa loob ng labinlimang (15) minuto upang pag-aralan ang larawang-kuwento o *wordless story* na ipagkakaloob ng National Technical Working Group (NTWG). Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naiisip na interpretasyon ng kalahok batay sa kuwento.
- D. Pagkatapos ng labinlimang (15) minuto, papasok ang kalahok sa silid-sanayan (*practice area*) upang magsanay sa loob ng sampung (10) minuto. Ibibigay ng kalahok ang panulat at papel sa National Technical Working Group (NTWG) na ginamit sa pagsasanay bago pumasok sa silid-paligsahan.
- E. Sa silid-paligsahan (*contest area*), muling isasalaysay ang nabasang kuwento gamit ang sariling mga salita mula sa nabuong interpretasyon na hindi lalagpas ng limang (5) minuto.
- G. Magtataas ang NTWG ng *flaglet* na kulay berde bilang hudyat ng simula ng itinakdang oras ng pagganap; dilaw na *flaglet* para sa natitirang tatumpung (30) segundo; at pulang *flaglet* kung tapos na ang inilaang oras ng pagtatanghal. Ang bawat isang (1) segundong lalabis sa pagganap ay katumbas ng isang (1) puntos na kabawasan sa kabuoang marka.
- H. Hindi na kailangang gumamit ng mikropono ang mga kalahok habang idinadaos ang timpalak upang mabigyang diin ang kanilang tono at bigkas.
- I. Ang paggamit ng *cellphone* o anomang gadyet at/o pagdadala ng sanggunian/babasahin, sipi ng kuwento, kasuotan, props, kagamitang pangmusika/*accompaniment* ay hindi pinahihintulutan sa loob ng silid-paligsahan.
- J. Puting *t-shirt* (walang pagkakakilanlan ng paaralan/sangay/rehiyon) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok.





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

<b>SAKLAW NA KOMPONENT</b>	<b>READ-A-THON FILIPINO</b>
<b>YUGTONG KINABIBILANGAN</b>	Ikalawang Yugto – Ikaanim na Baitang
<b>PAMAGAT NG TIMPALAK</b>	<b>TahiRawan</b>
<b>BILANG NG KALAHOK</b>	Isang (1) Mag-aaral at Isang (1) Tagapagsanay
<b>LAANG ORAS</b>	30 minuto para sa paghahanda at pagtatanghal
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang katatasan sa pagbasa at paglalahad ng mensahe na may tamang lakas, damdamin at ekspresyon sa pamamagitan ng kasanayan sa pagbalangkas ng isang kuwento gamit ang palarawang teksto.
<b>IKA-21 SIGLONG KASANAYAN</b>	Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip
<b>DOMEYN SA CREATIVE INDUSTRIES</b>	Performing & Visual Arts Domain
<b>DESKRIPSIYON</b>	Isang kategorya ng <i>Read-A-Thon</i> ang <b>TahiRawan</b> na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kasanayan at kakayahan sa pag-unawa at pag-uugnay ng mga larawan upang makabuo ng sariling kuwento nang malikhain.
<b>TEKNIKAL NA KAILANGANIN</b>	
<b>A. KAGAMITAN AT IBA PANG KASANGKAPAN</b>	<p><b>Dadalhin ng mga Kalahok:</b></p> <p><b>Galing sa Tagapamahala:</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Kaugnay na mga suplay at materyal para sa pagtatanghal</li><li>• 2 sets ng limang (5) Komik Istrip (1 gagamitin sa pagganap, 1 gagamitin sa paghahanda)</li><li>• Orasan at mga <i>flaglet</i></li><li>• Mga opisyal na papel para sa palabunutan</li><li>• <i>Wireless</i> na mikropono na may stand</li><li>• <i>sound system</i></li><li>• mga sertipiko</li><li>• mga lapis</li><li>• mga <i>ballpen</i></li><li>• mga <i>folder</i></li></ul>





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

	<ul style="list-style-type: none"><li>• <i>bond paper</i></li><li>• <i>holding area</i>, silid ng paghahanda at silid-paligsahan</li><li>• mga karatula/paskil (<i>holding area</i>, silid ng paghahanda at silid-paligsahan)</li></ul>	
<b>B. LUGAR NA PAGDADAUSAN</b>	Maaaring gamitin ang kahit na anong silid-aralan/ entablado basta't panatilihin ang katahimikan ng lugar. Mahalagang magkaroon ng sumusunod na mga silid: paghihintay, paghahanda, pagsasanay at paligsahan tugon sa proseso ng timpalak.	
<b>MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL</b>	<b>Mga Pamantayan</b>	<b>Bahagdan</b>
	<b>Kaalaman/ Pag-unawa sa Kuwento</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Malikhaing naisasalaysay ang sumusunod:<ul style="list-style-type: none"><li>A. lohikal na pagkakasunod-sunod ng mahahalagang detalye at pangyayari;</li><li>B. elemento ng kuwento; at</li><li>C. kaangkupan ng pagsasalaysay sa mga biswal/ imahe/larawan.</li></ul></li></ul>	50%
	<b>Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Naisasalaysay ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas para sa pandinig ng mga manonood</li><li>• Naipapamalas ang wastong diin, intonasyon at pagbigkas</li></ul>	30%
	<b>Pagganap sa Entablado</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na tindig/pagganap.</li></ul>	20%





Republic of the Philippines  
Department of Education  
Region VI - Western Visayas  
SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY

	ekspresyon ng mukha at kilos/galaw • Nakapagtatanghal sa itinakdang oras	
	<b>Kabuoan</b>	<b>100%</b>

**I. MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS**

- A. Isang paligsahan ang **TahiRawan** sa lahat ng mag-aaral sa Ikaanim na Baitang na opisyal na nakapagpatala sa publiko o pribadong paaralan. Dapat magparehistro ang bawat rehiyon ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagapagsanay.
- B. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang bilang ng pagkakakilanlan ay gagawin sa unang silid (holding area) bago magsimula ang pagganap. Awtomatikong diskuwalipikado sa timpalak ang kalahok na mahuhuli o darating habang nagsisimula na ang pagganap.
- C. Ang unang kalahok ay mamamalagi sa kasunod na silid ng paghahanda (*preparation area*) sa loob ng labinlimang (15) minuto upang pumili ng limang (5) larawan mula sa sampung larawan na ipagkakaloob ng National Technical Working Group (NTWG). Maaaring gumamit ng panulat at papel upang makabuo ng kuwento mula sa napiling larawan.
- D. Pagkatapos ng labinlimang (15) minuto, papasok ang kalahok sa silid-sanayan (*practice area*) upang magsanay sa loob ng sampung (10) minuto. Ibibigay ng kalahok ang panulat at papel sa National Technical Working Group (NTWG) na ginamit sa pagsasanay bago pumasok sa silid-paligsahan.
- E. Sa silid-paligsahan (*contest area*), isasalaysay ang nabuong kuwento na hindi lalagpas ng limang (5) minuto.
- F. Magtataas ang NTWG ng *flaglet* na kulay berde bilang hudyat ng simula ng itinakdang oras ng pagganap; dilaw na *flaglet* para sa natitirang tatlung (30) segundo; at pulang *flaglet* kung tapos na ang inilaang oras ng pagtatanghal. Ang bawat isang (1) segundong lalabis sa pagganap ay katumbas ng isang (1) puntos na kabawasan sa kabuoang marka.
- G. Hindi na kailangang gumamit ng mikropono ang mga kalahok habang idinadaos ang timpalak upang mabigyang diin ang kanilang tono at bigkas.
- H. Ang paggamit ng *cellphone* o anomang gadyet at/o pagdadala ng sanggunian/babasahin, sipi ng kuwento, kasuotan, props,

kagamitang pangmusika/*accompaniment* ay hindi pinahihintulutan sa loob ng silid-paligsahan.

- I. Puting *t-shirt* (walang pagkakakilanlan ng paaralan/sangay/rehiyon) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok.





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

**PANUKULANG TIMPALAK SA NFOT 2025**

<b>SAKLAW NA KOMPONENT</b>	<b>READ-A-THON FILIPINO</b>
<b>YUGTONG KINABIBILANGAN</b>	Ikatlong Yugto- Ikasampung Baitang
<b>PAMAGAT NG TIMPALAK</b>	<b>BidyoKasiya</b>
<b>BILANG NG KALAHOK</b>	Isang (1) Mag-aaral at Isang (1) Tagapagsanay
<b>LAANG ORAS</b>	4 na oras: isang (1) oras sa pagsusuri ng saliksik at pagbuo ng iskrip at tatlong (3) oras sa pagbuo ng video at iba pang teknikal na kailanganin
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakabubuo ng sariling photo/video documentary na nagmumungkahi ng solusyon sa kasalukuyang suliraning panlipunan. Sa pamamagitan nito naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto tungo sa pagkakaroon ng kamalayang global.
<b>IKA-21 SIGLONG KASANAYAN</b>	Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip
<b>DOMEYN SA CREATIVE INDUSTRIES</b>	Performing, Audio-Visual and Digital Domain
<b>DESKRIPSIYON</b>	Isang kategorya ng <i>Read-A-Thon</i> ang <b>BidyoKasiya</b> na tinataya ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga isyung panlipunan mula sa binasang tekstong impormatibo. Mula sa binasa, bubuo ng isang adbokasiya ang mga kalahok tungkol sa mahalagang kaisipan o mensahe na nakapaloob dito. Ang adbokasiya ay isasagawa sa pamamagitan ng <i>short video</i> gaya ng <i>reels</i> na nakikita sa iba't ibang platform ng <i>social media</i> . Layunin ng timpalak na ito na ipamalas ang gamit ng wikang Filipino sa mundo ng Social Media na behikulo sa pagpapalaganap ng pagpapahalagang panlipunan.
<b>TEKNIKAL NA KAILANGANIN</b>	





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

<b>A. KAGAMITAN AT IBA PANG KASANGKAPAN</b>	<p><b>Dadalhin ng mga kalahok:</b> Mobile Phone, Mobile Phone Tripod, Wireless Lapel, Flash drive , Power bank at cord na akma sa laptop para sa paglipat ng file.</p> <p>Technical Specification ng Mobile Phone</p> <ul style="list-style-type: none"><li>✓ 8 gb ram</li><li>✓ 128 storage</li><li>✓ 8-12 core processor</li><li>✓ 1080p-4k camera resolution</li><li>✓ capable to install video editing applications like Capcut (free) and Adobe Premier Rush</li><li>✓ Adobe license from DepEd</li></ul> <p><b>Galing sa Tagapamahala:</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Kaugnay na mga suplay at materyal para sa pagtatanghal</li><li>• Kaugnay na artikulo, batas, balita, at iba pang teksto</li><li>• orasan at flaglets</li><li>• Mga opisyal na papel sa pagtatala ng marka</li><li>• <i>Wireless</i> na mikropono na may <i>stand</i></li><li>• <i>Sound system</i></li><li>• mga sertipiko</li><li>• mga lapis</li><li>• mga <i>ballpen</i></li><li>• mga <i>folder</i></li><li>• mga larawan o kagamitang nakatuon sa tema at layunin</li><li>• <i>bond paper</i></li><li>• <i>holding area</i>, silid ng paghahanda at silid-paligsahan</li></ul>	
<b>B. LUGAR NA PAGDADAUSAN</b>	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Silid kung saan bubuoin ang storyboard at/ o konsepto ng BIDYOKASIYA. Mahalagang komportable ang mga mag-aaral na makapag-isip at hindi siksikan ang silid.</li><li>2. Gymnasium o isang maluwang na lugar kung saan nila gagawin ang BIDYOKASIYA.</li></ol>	
<b>MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL</b>	<b>Mga Pamantayan</b>	<b>Bahagdan</b>
	<b>Nilalaman</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Natutukoy ang angkop na adbokasiya tungkol sa mahalagang kaisipan o</li></ul>	40%





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

	<p>mensaheng nakapaloob sa binasa</p> <ul style="list-style-type: none"><li>▪ Holistiko ang pagkakabuo ng bidyo</li><li>▪ Malinaw ang ugnayan ng mga konsepto at kaisipan</li><li>▪ Kaangkupan ng mga salitang ginamit</li></ul>	
	<p><b>Kalidad/ Presentasyon</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>• Malikhain ang pagkakabuo</li><li>• Natatangi ang teknik na ginamit</li><li>• Naipakita ang lalim ng kahulugan sa paraang magaan</li></ul>	30%
	<p><b>Hikayat/ Dating sa madla</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>▪ Nakapanghihikayat ang bidyo sa madla</li><li>• Kapana-panabik</li></ul>	20%
	<p><b>Nakasunod sa Takdang Oras</b></p> <ul style="list-style-type: none"><li>▪ Naipasa ang bidyo sa naitakdang oras</li><li>▪ Nakasunod sa isang (1) minutong bidyo</li></ul>	10%
	<b>Kabuoan</b>	<b>100%</b>

**I. MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS**

- A. Isang timpalak ang **BIDYOKASIYA** sa lahat ng mag-aaral mula ikasampung (10) Baitang sa pampubliko o pampribadong paaralan. Dapat magparehistro ang bawat rehiyon ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagapagsanay.
- B. Isang araw bago ang timpalak iinspeksiyunin ng National Technical Working Group (NTWG) ang mga mobile phone kung ang mga ito ay sumunod sa teknikal na kailanganin ng timpalak. Tiyaking *fully charge* ang mga *mobile phone* bago ibigay ang mga ito sa NTWG. Pagkatapos ng inspeksyon, patayin ang mga *mobile phone* para maka-*save* ng *battery*. Lalagyan ng bilang ng kalahok bilang tanda ang mga *mobile phone* at ibibigay lamang sa oras ng timpalak.
- C. Bubuoin ng kalahok ang **BIDYOKASIYA** sa loob ng apat (4) na oras.
- D. Ilalaan ang unang isang (1) oras sa itinakdang silid upang basahin at suriin ang tekstong impormatibo at tukuyin ang adbokasiyang maaaring makuha mula sa kaisipan o mensaheng nakapaloob dito. Ang NTWG ang titiyak sa kaangkupan ng teksto sa antas ng mga kalahok. Pagkatapos matukoy ang adbokasiya, susulat ang kalahok ng balangkas ng konsepto, iskrip o story board sa bubuoing bidyo.





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

Gagamitin ang panulat at papel na ibibigay ng National Technical Working Group (NTWG).

E. Ang natitirang tatlong (3) oras ay ilalaan sa pag-shoot at editing na gaganapin sa isang maluwang na silid-paligsahan/ espasyo o gymnasium. Tiyakin na malayang makagagalaw ang mga kalahok upang mag-shoot ng kanilang bubuoing *BIDYOKASIYA* at sila ay babantayan ng NTWG. Mahigpit na ipinagbabawal na pumunta o makipag-usap ang mga kalahok sa kani-kanilang mga tagapagsanay. Lahat din ng tagapagsanay ay hindi na pinahihintulutan na makalapit sa kanilang mga mag-aaral.

F. Itataas ng NTWG ang berdeng *flaglet* tanda ng pagsisimula ng kanilang pagsho-shoot. Malayang magagamit ng mga kalahok ang tatlong (3) oras sa pagkuha ng larawan at video, pag-shoot at pag-edit. Itataas ang kahel na *flaglet* biglang hudyat sa nalalabing tatlumpung (30) minuto. Ang video na gagawin ay hindi lalagpas ng isang (1) minuto. Sa huling sampung minuto, itataas ng NTWG ang pulang *flaglet* hudyat ng pagsasapinal at pag-save ng bidyo. Mahigpit na ipinapaalala na ang pagsi-save ng file ay bahagi ng kabuoang oras. Ibabawas sa probisyon sa pamantayan na: *Nakasunod sa Takdang Oras* sa mga minutong huli sa pagpasa.

Labis na Oras sa Pagpasa	Kabawasan
1-10 segundo	1 puntos
11-20 segundo	2 puntos
21-30 segundo	3 puntos
31-40 segundo	4 puntos
41-pataas	5 puntos

G. Sa hudyat ng NTWG, sabay-sabay na ipapasa ang lahat ng *mobile phone*. Ililipat ng NTWG sa itinakdang laptop ang lahat ng nabuong bidyo.

H. Sa itinakdang oras, ipalalabas ang lahat ng nabuong bidyo sa isang silid-paligsahan ayon sa pagkakasunod-sunod. Bibigyan ito ng kapasiyahan ayon sa pamantayan.

I. Dapat tandaan na lahat ng gagamiting kagamitan ay pasok sa *technical specification* na itinakda ng Kagawaran. Ang paggamit ng mga *applications* na may *ready-made templates* ay mahigpit na pinagbabawal at maaaring maging dahilan ng diskwalipikasyon ng kalahok.

J. Puting *t-shirt* (walang pagkakakilanlan ng paaralan/sangay/rehiyon) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok.

K. Ang mga *BIDYOKASIYA* na lalampas sa itinakdang isang (1) minuto ay ibabawas sa probisyon sa pamantayan na: *Nakasunod sa Takdang Oras*:

Labis na Oras	Kabawasan
1-3 segundo	1 puntos
4-20 segundo	2 puntos
21-40 segundo	3 puntos
41-60 segundo	4 puntos
61-pataas	5 puntos

J. Ang desisyon ng hurado ay pinal at hindi mapasusubalian.





Republic of the Philippines  
Department of Education  
Region VI - Western Visayas  
SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY

Kalakip 2: Panuntunan sa Pagsasagawa ng Pandebisong Read-A-Thon sa Filipino  
Memorandum Big. \_\_\_\_\_ s. 2025

**LISTAHAN NG MGA OPISYAL NG PALIGSAHAN AT MIYEMBRO NG KOMITE,  
TAGAPAGDALOY, TAGAPAGSUBAYBAY, MGA EBALWEYTOR AT MGA HURADO**

KOMITE	
Programa at Paggawad	Tagapangulo: Ma. Jinky Soberano Kasamang Tagapangulo: Roselene Sagayno Miyembro: Chenelyn S. Atido
Pagpaparehistro/Pagdalo	Tagapangulo: Maribel Sinining Kasamang Tagapangulo: Angelie Severo Miyembro: Arlyn Narbaja
Dokumentasyon/Mga Sertipiko	Tagapangulo: Rollin Amparo Kasamang Tagapangulo: Rene Jun Gasper Miyembro: Shen Argel
Paligsahan: Read-A-Thon	(MULING PAGKUKUWENTO) Tagapangulo: Cristel Anliquera Kasamang Tagapangulo: Mesiel Arevalo Miyembro: Ana Marie Flores  (INTERPRETATIBONG PAGBASA) Tagapangulo: Maribel Sinining Kasamang Tagapangulo: Leah Ligalig Miyembro:  (SULAT-BIGKAS NG TALUMPATI) Tagapangulo: Grace Erecilla Kasamang Tagapangulo: Aiza Prudente Miyembro: Raffy Veloso
Mga Hurado	Joan Caneda Canete Mary Jane Manglar Dinah Tablan Atido Christine Modelo Soberano Rosan Soberano  Rhea Jane  Imelda Canete Chenelyn S.  Ma Jinky





Republic of the Philippines  
**Department of Education**  
Region VI - Western Visayas  
**SCHOOLS DIVISION OF SAGAY CITY**

Kalakip 3: Panuntunan sa Pagsasagawa ng Pandebisong Read-A-Thon sa Filipino  
Memorandum Big. \_\_\_\_\_ s. 2025

**OPISYAL NA LISTAHAN**  
**2025 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS**

<b>SAKLAW NA KOMPONENT :</b>	<b>READ-A-THON SA FILIPINO</b>
<b>KATEGORYA:</b>	<b>LikhaWento</b> (Unang Yugto-Ikatlong Baitang)
<b>DISTRITO:</b>	
<b>PAARALAN:</b>	
<b>PANGALAN NG KALAHOK:</b>	
<b>TAGAPAGSANAY:</b>	

**2025 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS**

<b>SAKLAW NA KOMPONENT :</b>	<b>READ-A-THON SA FILIPINO</b>
<b>KATEGORYA:</b>	<b>TahiRawan</b> (Ikalawang Yugto-Ikaanim na Baitang)
<b>DISTRITO:</b>	
<b>PAARALAN:</b>	
<b>PANGALAN NG KALAHOK:</b>	
<b>TAGAPAGSANAY:</b>	

**2025 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS**

<b>SAKLAW NA KOMPONENT :</b>	<b>READ-A-THON SA FILIPINO</b>
<b>KATEGORYA:</b>	<b>Bidyokasiya</b> (Ikatlong Yugto-Ikasampung Baitang)
<b>DISTRITO:</b>	
<b>PAARALAN:</b>	
<b>PANGALAN NG KALAHOK:</b>	
<b>TAGAPAGSANAY:</b>	